

## Mga Hakbang sa pag iingat laban sa COVID-19 ng Diyosesis ng Kyoto Panuntunan sa pagtitipon gaya ng Banal na Misa

Sa pagdiriwang ng Banal na Misa (Para-Liturgy), miting, katekismo atbp. sa bawat bikariato na napapaloob sa Diyosesis ng Kyoto, ang “New Normal” na ipinahayag ng pamahalaan at ang tatlong pangunahing panuntunan para maiwasan ang pag kalat ng sakit ay kinakilangang sundin; ① sundin ang pisikal na agwat, ② gumamit ng facemask, ③ at ang pag huhugas ng mga kamay. Ang mga mananampalataya ay pinapaalalahanang umiwas din sa “3 C” (Closed spaces o Kulong na lugar, Crowded places o mataong lugar, Close-contact settings o malapitang pakikipag usap.) Hindi pa maaaring maipag patuloy ang mga aktibidades ng Simbahan kung hindi makapasok sa mga panuntunan na ito. Iminumungkahi namin ang mga sumusunod base sa sitwasyon at kalagayan ng bawat simbahan.

### 1. *Pang kalahatang Hakbang sa Pag iingat sa COVID-19*

- (1) Bago at pagkatapos gamitin ang Simbahan at meeting room, disimpektahin ang mga doorknobs, upuan, lamesa, atbp. gamit ang alkohol.
- (2) Mag lagay ng alcohol sa pintuan ng Simbahan o meeting room para sa tamang pag disimpekta ng mga dadalo.
- (3) Huwag gamitin ang “aspersorium (holy water font)” na matatagpuan sa may pintuan ng Simbahan.
- (4) Iwasang palaging nakasara at ugaliing pahanginan ang loob ng Simbahan o meeting room sa boong taon base sa laki at sukat nito.
- (5) Sa mga mananampalataya; 1) gumamit ng facemask, 2) panatilihin ang 2 metrong agwat sa bawat isa (mag talaga ng parte sa upuan na maaaring maupuan), 3) iwasan ang pag kanta at pakikipag usap ng malakas.
- (6) Sa mga matatanda na nakakaranas ng karamdaman (gaya ng diabetes, sakit sa puso, hika, o sumasa ilalim sa pag papagamot sa cancer) kung kayo ay sinisipon at nababahala sa lagay ng inyong kalusugan, mas makabubuti na huwag muna kayo mag simba.
- (7) Ang miting (katekismo, pag aaral ng mga bata sa simbahan atbp.) ay hindi dapat tumagal ng mahigit sa isang oras.
- (8) Walang pagkain at tanging inumin lamang ang pupuwedeng ilabas sa bawat miting. Ang parti ay hindi muna pina hihintulutan.

### 2. *Pag-aalay at Kumonyon sa Misa*

1. Ang Hostia at Alak (tubig) ay hindi iaalay.
2. Ihanda ng maaga ang Hostia at Alak malapit sa altar.
3. Takipan ang ciborium matapos mailagay ang tamang bilang ng Hostia. Panatilihing nakatakip ito sa loob ng buong Misa.
4. Ang pag yakap at pakikipag kamay sa “Pagbati ng Kapayapaan” ay hindi pinahihintulutan. Yumuko sa harap ng bawat isa bilang tanda ng pagbati ng kapayapaan.

5. Ang pari o ang lay minister ay kinakailangang mag disimpek ang kanilang mga kamay bago mag pa Kumonyon. Maging ang mga mananampalataya ay kinakailangan ding gawin ito bago mag Kumonyon.
6. Matapos mag Kumonyon nang pari, haharap siya sa mga tao at bibigkasin ang mga katagang “Ang Katawan ni Kristo” at ang mga mananampalataya ay sasagot ng “Amen.” Pagkatapos nito, pupunta na ang pari sa harapan para ipamahagi ng tahimik ang Banal na Kumonyon.
7. Ang pag tanganggap ng Banal na Kumonyon “Under Both Kinds” (consecrated Host and Wine) ay hindi pinahihintulutan.
8. Iwasan muna ang pag tanggap ng Banal na Kumonyon sa pamamagitan ng bibig (dila), Mangumunyon sa pamamagitan ng pag tanggap sa inyong mga kamay.
9. Upang mapa iksi ang Para-Liturgy or Pagdiriwang ng Banal na Salita na may Kumonyon ang mga parte ng kanta ay hindi kakantahin. Subalit, ang Salmong Tugunan at Alleluia ay pupuwedeng kantahin ng commentator.

### ***3. Pag dadala ng Banal na Kumonyon sa mga may Sakit***

Sundin lamang ang mga tagubilin ng pari na nakatalaga sa lugar at ang mga panuntunan sa pag iingat upang malabanan ang sakit na naka sulat sa taas kung kinakailangan na mag pakumonyon sa may sakit.

以上